

Ang Iyong Mga Karapatan at Pananagutan bilang miyembro ng planong Medical ng Santa Clara Family Health Plan (SCFHP)

Bilang miyembro ng SCFHP, mayroon kang mga partikular na karapatan at responsibilidad. Ang mga karapatan ay ang mga maaasahan mong matanggap, kabilang ang kinakailangang paggamot at impormasyon. Ang mga responsibilidad ay ang inaasahan naming gagawin mo bilang miyembro ng SCFHP. Ipinapaliwanag ng dalawang susunod na listahan ang mga karapatan at responsibilidad na ito.

Mga Karapatan ng Miyembro

Ang mga miyembro ng SCFHP ay may ganitong mga karapatan:

- Tumanggap ng kinakailangan at naaangkop na pangangalagang medikal, kasama na ang mga serbisyong pangkalusugan na pang-iwas sa sakit at pagtuturo tungkol sa kalusugan.
- Tratuhan nang may paggalang at dignidad, nang nagbibigay ng naaayong pagsasaalang-alang sa iyong karapatan sa pagkapribado at ang pangangailangang panatilihin ang pagiging kumpidensiyal ng iyong medical na impormasyon.
- Mabigyan ng impormasyon tungkol sa plano at sa mga serbisyo nito, kabilang ang mga sinasaklaw na serbisyo, mga practitioner, at mga karapatan at responsibilidad ng miyembro.
- Makatanggap ng ganap na isinaling nakasulat na impormasyon ng miyembro sa iyong pinipiling wika, kasama ang lahat ng paunawa hinggil sa karaingan at mga apela.
- Magbigay ng mga rekomendasyon tungkol sa patakaran sa mga karapatan at responsibilidad ng miyembro ng SCFHP.
- Makapili ng provider ng pangunahing pangangalaga sa loob ng mga network ng SCFHP.
- Magkaroon ng napapanahong access sa mga provider sa network.
- Makilahok sa pagpapasiya ng mga provider tungkol sa sarili mong pangangalagang pangkalusugan, kasama ang karapatang tumanggi sa paggamot.
- Sabihin ang mga karaingan, sa paraang pasalita o pasulat man, tungkol sa organisasyon o pangangalagang natanggap.
- Malaman ang medikal na dahilan para sa desisyon ng SCFHP na tanggihan, iantala, wakasan, o baguhin ang kahilingan para sa medikal na pangangalaga.
- Makakuha ng coordinator ng pangangalaga.
- Humiling ng apela sa mga pasiyang tanggihan, ipagpaliban, o limitahan ang mga serbisyo o benepisyos.
- Makakuha ng mga libreng serbisyo sa pasalitang interpretasyon para sa iyong wika.
- Tumanggap ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na tanggapan na nagbibigay ng legal na tulong o iba pang pangkat.
- Gumawa ng mga paunang direktiba.
- Humiling ng Pagdinig ng Estado kung tinanggihan ang isang serbisyo o benepisyos at nakapaghain ka na ng apela sa SCFHP at hindi ka pa rin nasisiyahan sa desisyon, o kung

wala kang natanggap na desisyon sa iyong apela pagkalipas ng 30 araw, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga sitwasyon kung saan posible ang pinabilis na pagdinig.

- Umalis sa pagkakatala sa SCFHP at lumipat sa ibang planong pangkalusugan sa county kapag hiniling.
- Ma-access ang mga serbisyo sa pahintulot ng menor de edad.
- Makatanggap ng mga nakasulat na materyales na nagbibigay ng impormasyon sa miyembro sa mga alternatibong format (kasama na ang braille, malaking print, at audio na format) kapag hiniling at nang napapanahon na angkop para sa format na hinihiling at alinsunod sa Seksyon 14182 (b)(12) ng Kodigo ng Kapakanan at Mga Institusyon (Welfare and Institutions Code).
- Maging malaya sa anumang uri ng paghihigpit o pagbubukod na ginagamit bilang paraan ng pamimilit, pagdidisiplina, kaginhawahan o paghihiganti.
- Tumanggap ng impormasyon tungkol sa mga available na opsyon at alternatibo sa paggamot, na ipapakita sa paraang naaangkop sa iyong kondisyon at kakayahang umintindi, nang hindi iniisip ang gastusin o kung kasama sa saklaw.
- Magka-access at makatanggap ng kopya ng iyong mga medikal na tala, at hilinging baguhin o iwasto ang mga ito, alinsunod sa 45 Kodigo ng Mga Pederal na Regulasyon (Code of Federal Regulations) §164.524 at 164.526.
- Kalayaang magamit ang mga karapatang ito nang hindi naapektuhan nang masama kung paano ka pakitunguhan ng SCFHP, iyong mga provider, o ng Estado.
- Magkaroon ng access sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, Freestanding Birth Center, Federally Qualified Health Center, Indian Health Clinic, serbisyo ng midwife, Rural Health Center, serbisyo ukol sa impeksyong naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik, at serbisyong pang-emergency na wala sa network ng SCFHP alinsunod sa pederal na batas.
- Makilahok sa pagtatakda ng pampublikong patakaran ng SCFHP, sa pamamagitan ng pagdalo at/o pagsali sa Komite sa Pagpapayo sa Consumer ng SCFHP.
- Magbigay ng mga rekomendasyon tungkol sa patakaran sa mga karapatan at responsibilidad ng miyembro ng organisasyon.

Mga Responsibilidad ng Miyembro

Ang mga miyembro ng SCFHP ay may ganitong mga responsibilidad:

- Basahin nang mabuti ang lahat ng materyales ng SCFHP sa sandaling magpatala ka upang maunawaan mo kung paano gamitin ang mga serbisyo ng SCFHP.
- Dalhin ang iyong SCFHP ID card at iyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) sa lahat ng oras at ipakita ito sa lahat ng provider at botika kapag kumukuha ng mga serbisyo.
- Magtanong kapag mayroon kang hindi naunawaan tungkol sa iyong saklaw o pangangalagang medikal.
- Sundin ang mga panuntunan sa pagiging miyembro ng SCFHP gaya ng ipinaliwanag sa Handbook ng Miyembro na ito.

- Maging responsable para sa kalusugan mo at ng iyong anak.
- Kausapin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan para makabuo ka ng matatag na ugnayang batay sa tiwala at kooperasyon.
- Tawagan ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan kapag kailangan mo ng pangkaraniwan o agarang pangangalagang pangkalusugan.
- Lulat ang mga hindi inaasahang pagbabago sa iyong kalusugan sa iyong PCP.
- Magtanong tungkol sa iyong medikal na kondisyon. Tiyaking naunawaan mo ang mga sagot, kung ano ang mga dapat mong gawin, at makilahok sa paggawa ng mga sinasang-ayunang layunin ng paggamot (hanggang sa kung ano ang posible).
- Magbigay ng impormasyon (sa hangganang maaari) na kailangan ng organisasyon at mga practitioner at provider nito upang makapagbigay ng pangangalaga.
- Sundin ang plano ng paggamot na magkasama ninyong ginawa ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan, at alamin kung ano ang maaaring mangyari kung hindi mo susundin ang plano ng paggamot.
- Magpaiskedyul ng appointment at pumunta sa tamang oras para sa mga medikal na appointment. Ipaalam sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan nang hindi bababa sa 24 na oras bago ang iyong nakatakdang appointment kung kailangan mong .
- Sabihin sa SCFHP ang tungkol sa anumang pagbabago sa: address; numero ng telepono; at mga pagbabago sa anumang iba pang saklaw ng pangangalagang pangkalusugan na maaaring mayroon ka. Sabihin sa SCFHP ang tungkol sa mga pagbabagong ito sa sandaling malaman mo ang mga iyon o sa loob ng 10 araw ng mga pagbabagong ito.
- Tumawag o sumulat sa SCFHP sa lalong madaling panahon kung sa tingin mo ay siningil ka nang hindi tama o kung mali ang bill.
- Pakitunguhan ang lahat ng kawani ng SCFHP at provider ng pangangalagang pangkalusugan nang may respeto at paggalang.
- Isumite ang mga kahilingan para sa pag-reimburse ng mga claim para sa mga sinasaklaw na serbisyo sa loob ng kinakailangang yugto ng panahon.
- Maging matapat sa iyong mga transaksyon sa SCFHP at sa mga provider ng plano nito. Huwag magsagawa ng panloloko o pagnanakaw o gumawa ng anumang bagay na makakasama sa ari-arian ng SCFHP o sa ari-arian o kaligtasan ng alinman sa mga kinatawan, provider ng plano, empleyado ng mga provider ng plano, o ahente nito.
- Mag-ulat ng pagkakamali. Responsable ka sa pag-uulat sa SCFHP ng panloloko o pagkakamali sa pangangalagang pangkalusugan. Maaari mong gawin ito nang hindi ibinibigay ang iyong pangalan sa pamamagitan ng pagtawag sa Hotline sa Pagsunod ng SCFHP sa 1-408-874-1450, pumunta sa www.scfhp.com, o maaari mong tawagan nang walang bayad (toll free) ang Hotline ng Medi-Cal sa Panloloko at Pang-aabuso ng Department of Health Care Services (DHCS) ng California sa 1-800-822-6222.

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sumusunod ang Santa Clara Family Health Plan (SCFHP) sa mga batas Pederal at Pang-estado ukol sa mga karapatang sibil. Ang SCFHP ay hindi nandiskrimina, nagsasantabi o pinakikitunguhan ang mga tao nang naiiba nang labag sa batas dahil sa kanilang kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, kondisyong medikal, henetikong impormasyon, katayuan sa kasal, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o seksuwal na oryentasyon.

Nagbibigay ang SCFHP ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan upang matulungan silang makipag-usap nang mas madali, gaya ng:
 - Mga kwalipikadong sign language interpreter
 - Mga nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malaking print, audio, mga naa-access na elektronikong format, iba pang format)
- Mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing ginagamit na wika, gaya ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter
 - Impormasyong nakasulat sa iba pang wika

Kung kailangan ninyo ng mga ganitong serbisyo, makipag-ugnayan sa SCFHP mula 8:30 a.m. hanggang 5:00 p.m., Lunes hanggang Biyernes sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-260-2055**. O kaya, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa **711**. Kapag hiniling, maaaring gawing available sa iyo ang dokumentong ito sa braille, malaking print, audiocassette, o elektronikong anyo. Para makakuha ng kopya sa isa sa mga alternatibong format na ito, mangyaring tumawag o sumulat sa:

**Santa Clara Family Health Plan
PO Box 18880
San Jose, CA 95158
1-800-260-2055 (TTY: 711)**

PAANO MAGHAIN NG HINAING

Kung naniniwala kang hindi naibigay ng Santa Clara Family Health Plan (SCFHP) ang mga serbisyong ito o labag sa batas na nandiskrimina ito sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, kondisyong medikal, henetikong impormasyon, katayuan ng pag-aasawa, gender, pagkakakilanlan ng kasarian, o seksuwal na oryentasyon, maaari kang maghain ng hinaing sa SCFHP. Maaari kang maghain ng hinaing sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, pagpunta nang personal, o sa elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Makipag-ugnayan sa SCFHP mula 8:30 a.m. hanggang 5 p.m., Lunes hanggang Biyernes, sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-260-2055**. O kaya, kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa **711**.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang isang form ng reklamo o sumulat at ipadala ito sa:

**Attn: Grievance and Appeals Department
Santa Clara Family Health Plan
6201 San Ignacio Ave
San Jose, CA 95119**

- Sa personal: Bisitahin ang opisina ng iyong doktor o SCFHP at sabihin na gusto mong maghain ng hinaing.
- Sa elektronikong paraan: Bisitahin ang website ng SCFHP sa www.scfhp.com.

OFFICE OF CIVIL RIGHTS – CALIFORNIA DEPARTMENT OF HEALTH CARE SERVICES

Maaari ka ring maghain ng reklamo tungkol sa mga karapatang sibil sa Office of Civil Rights ng California Department of Health Care Services sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o sa elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **916-440-7370**. Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, tumawag sa **711 (Telecommunications Relay Service)**.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang isang form ng reklamo o sumulat sa:

**Deputy Director, Office of Civil Rights
Department of Health Care Services
Office of Civil Rights
P.O. Box 997413, MS 0009
Sacramento, CA 95899-7413**

Makakakuha ng mga form ng reklamo sa http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx.

- Sa elektronikong paraan: Magpadala ng email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.

OFFICE OF CIVIL RIGHTS – U.S. DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES

Kung naniniwala kang ikaw ay nadiskrimina batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari ka ring maghain ng reklamo tungkol sa mga karapatang sibil sa Office for Civil Rights ng U.S. Department of Health and Human Services sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o sa elektronikong paraan:

- Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa TTY/TDD **1-800-537-7697**.
- Sa pamamagitan ng pagsulat: Punan ang isang form ng reklamo o sumulat sa:

**U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201**

Makakakuha ng mga form ng reklamo sa <http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

- Sa elektronikong paraan: Bisitahin ang Office for Civil Rights Complaint Portal sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>.

English Tagline – ATTENTION: If you need help in your language call 1-800-260-2055 (TTY: 711). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call 1-800-260-2055 (TTY: 711). These services are free of charge.

Mensaje en español (Spanish) – ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al 1-800-260-2055 (TTY: 711). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al 1-800-260-2055 (TTY: 711). Estos servicios son gratuitos.

Khẩu hiệu tiếng Việt (Vietnamese) – CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số 1-800-260-2055 (TTY: 711). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số 1-800-260-2055 (TTY: 711) . Các dịch vụ này đều miễn phí.

简体中文标语 (Chinese) – 请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电1-800-260-2055 (TTY: 711)。另外还提供针对残疾人士的帮助和服务，例如盲文和需要较大字体阅读，也是方便取用的。请致电1-800-260-2055 (TTY: 711)。这些服务都是免费的。

Tagalog Tagline (Tagalog) – ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa 1-800-260-2055 (TTY: 711). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa 1-800-260-2055 (TTY: 711) . Libre ang mga serbisyong ito.

(Arabic) الشعار بالعربية

يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ 1-800-260-2055 (TTY: 711). تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة بريل والخط الكبير. اتصل بـ 1-800-260-2055 (TTY: 711). هذه الخدمات مجانية.

Հայերեն պիտակ (Armenian) – ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք 1-800-260-2055 (TTY: 711) : Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված կոնլետեր: Չանզահարեք 1-800-260-2055 (TTY: 711) : Այդ ծառայություններն անվճար են:

ប្រាសាទសំខាន់ (Cambodian) – ចំណាំ: បើអ្នក ត្រូវ ការជំនួយ ជាភាសា របស់អ្នក សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ 1-800-260-2055 (TTY: 711)។ ជំនួយ និង សេវាកម្ម សម្រាប់ ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរផុស សម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពផ្ទៃ ក៏អាចរកបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ 1-800-260-2055 (TTY: 711)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

(Farsi) فارسی زبان به مطلب

توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با 1-800-260-2055 (TTY: 711) تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با 1-800-260-2055 (TTY: 711) تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

हिंदी टैगलाइन (Hindi) – ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो 1-800-260-2055 (TTY: 711) पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। 1-800-260-2055 (TTY: 711) पर कॉल करें। ये सेवाएं नि: शुल्क हैं।

Nqe Lus Hmoob Cob (Hmong) – CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau 1-800-260-2055 (TTY: 711). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau 1-800-260-2055

(TTY: 711). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

日本語表記 (Japanese) – 注意日本語での対応が必要な場合は 1-800-260-2055 (TTY: 711) へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。1-800-260-2055 (TTY: 711) へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

한국어 태그라인 (Korean) – 유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 1-800-260-2055 (TTY: 711) 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. 1-800-260-2055 (TTY: 711) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

ແທກໄລພາສາລາວ (Laotian) – ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານໃຫ້ໂທຫາເບີ 1-800-260-2055 (TTY: 711). ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການເຊັ່ນເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນນຸ່ງແລະມິໂຕພິມໃຫຍ່ໃຫ້ໂທຫາເບີ 1-800-260-2055 (TTY: 711). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

Mien Tagline (Mien) – LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiex longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux 1-800-260-2055 (TTY: 711). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hlou mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx 1-800-260-2055 (TTY: 711). Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

ਪੰਜਾਬੀ ਟੈਗਲਾਈਨ (Punjabi) – ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ 1-800-260-2055 (TTY: 711). ਅਪਰਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਕਾਲ ਕਰੋ 1-800-260-2055 (TTY: 711). ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।

Русский слоган (Russian) – ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру 1-800-260-2055 (линия ТТУ: 1-800-260-2055). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру 1-800-260-2055 (линия ТТУ:711). Такие услуги предоставляются бесплатно.

แท็กไลน์ภาษาไทย (Thai) – โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-800-260-2055 (TTY: 711) นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-800-260-2055 (TTY: 711) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

Примітка українською (Ukrainian) – УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер 1-800-260-2055 (TTY: 711). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер 1-800-260-2055 (TTY: 711). Ці послуги безкоштовні.